



## OPISINA NG BISE TSANSELOR PARA SA GAWAING PANGKOMUNIDAD

UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN  
Quezon Hall, Diliman, Lungsod ng Quezon  
Telepono: (632) 8928 2947; 8981 8500 local 8600, 8601  
*e-mail*: ovcca.updiliman@up.edu.ph



Ika-16 ng Abril 2021

Memorandum Blg. ABB – 21 – 12

Para Sa : Mga Dekano, Direktor, Pinuno ng Yunit, Fakulti, REPS, at Kawani ng UP Diliman at UP System sa Diliman

Paksa : **PANAWAGAN PARA SA LAHAT NG KAWANI NA MAGPALISTA PARA SA PAGBABAKUNA**

---

Magandang araw! Tinatawagan ang lahat ng kawani ng UP Diliman at UP System sa Diliman na magpalista na para sa pagbabakuna.

Bilang paghahanda sa pagbubukas ng UP-CHK Gym Vaccination Site sa ika-26 ng Abril 2021, inaayos na ng UP Diliman COVID-19 Task Force ang listahan ng mga personnel—faculty, staff, REPS, project staff, non-contractual staff, custodial workers, security guards—na kasama sa priority list ng gobyerno.

### ANG DAPAT MALAMAN

Ayon sa umiiral na panuntunan ng Department of Health, uunahing mabakunahan ang mga sumusunod:

- A1 Health workers at mga nagtatrabaho sa mga health facilities
- A2 Senior citizens
- A3 Mga indibidwal na may “comorbidity”

### MGA DAPAT NINYONG GAWIN (MAHALAGA!)

**Para sa mga kasalukuyang kawani** (UP Diliman at UP System na nasa UPD) na hindi nakasagot sa unang UP Diliman Survey o sa UP Diliman System Pre-registration Form, pakisagutan ang form na ito: <http://shorturl.at/mEGLQ>

*PAALALA: Kung kayo ay sumagot na noon sa UP Diliman Survey at sa UP Diliman System Pre-Registration Form, hindi na kailangang sumagot sa bagong form na ito.*

**Para sa mga Professor Emeriti, Recently Retired Faculty (mula Enero 2019), at kanilang Asawa o Partner**, pakisagutan ang form na ito: <http://shorturl.at/sMPX5>

Mangyari po lamang na ibigay ang tama at kumpletong impormasyon.

Deadline ng pagsagot ng form ay sa 21 Abril 2021. Magpatulong sa inyong mga yunit o opisina kung nahihirapang sagutan ang online form.

**Ang inyong agarang pagtugon sa survey ay kinakailangan para sa pag-iskedyul ng inyong pagbabakuna at sa pangkalahatang paghahanda natin.**

Kalakip ang *publicity material* na maari ninyong ishare sa inyong mga kasamahan sa opisina. Maraming salamat!

  
**PROF. ALELI B. BAWAGAN, PhD.**  
Vice Chancellor for Community Affairs